8

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay Aralin sa Filipino

Kuwarter 1

Aralin
3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 8**
**Kuwarter 1: Aralin 3 (Linggo 3)**
**TP 2025-2026**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa paunang implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**
- Leo A. Tolentino (Vicente P. Trinidad National High School – Valenzuela City)

**Tagasuri:**
- Evelyn M. Varron (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**FILIPINO, UNANG KWARTER, ANTAS 8**


| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | • Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag- unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon Propaganda hanggang Panahon ng Himagsikan at tekstong impormasyonal (persweysib) para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | • Nakabubuo ng rebyu ng sanaysay at animasyon na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa**<br>1. Natutukoy ang mahahalagang elemento (paksa, anyo, kaisipan, damdamin, himig at estilo) at detalye sa sanaysay<br>2. Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng sanaysay batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>3. Nasusuri ang mahahalagang kaisipan ng sanaysay batay sa konteksto ng panahon, lunan, at may-akda<br>4. Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (anyo, damdamin, himig at wika ) ng sanaysay<br>5. Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, norms, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa sanaysay batay sa konteksto ng panahon |
| **D. Nilalaman** | **Sanaysay: Kartilya ng Katipunan**<br>*ni: Emilio Jacinto* |
| **E. Integrasyon** | -SDG 10 Bawasan ang Hindi Pagkakapantay-pantay<br>(Reduced Inequalities)<br>-SDG 16 Kapayapaan, Katarungan, at Matatag na mga Institusyon<br>(Peace, Justice and Strong Institutions) |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
| --- |


- Andres Bonifacio by Ognimdo2002 on DeviantArt. (2020, November 30). Retrieved from www.deviantart.com website: https://www.deviantart.com/ognimdo2002/art/Andres-Bonifacio-862692985
- Behance. (2019, August 1). Download Filipino version of the Global Goals (JPEG). Retrieved March 9, 2024, from Behance website: https://www.behance.net/gallery/84259517/Download-Filipino-version-of-the-Global-Goals-(JPEG)
- Cansiones de Filipinas. (2021). "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa" - Filipino Patriotic Song [BONIFACIO DAY TRIBUTE]. Retrieved March 9, 2024, from www.youtube.com website: https://www.youtube.com/watch?v=HT13i_QND1M
- DepEd Bataan. (2023). Q2 modyul 7 linggo 8 Elementong Biswal. Retrieved from Studocu website: https://www.studocu.com/ph/document/bestlink-college-of-the-philippines/bachelor-in-secondary-education/q2-modyul-7-linggo-8-elementong-biswal/75031281
- DepEd Tayo - One of DepEd's Core Values is "Maka-Diyos", in which we encourage learners to express their spiritual beliefs while respecting the spiritual beliefs of others. | Facebook. (n.d.). Retrieved March 30, 2024, from www.facebook.com website: https://www.facebook.com/depedtayo/photos/a.197329230688458/626335407787836/?type=3
- Dillague, N., Gorrospe, F., & Marquez, S. (1998). Dangal (Panitikang Pilipino) (J. Flores, Ed.). Manila: Adamson University.
- Emilio, J. (2018, August 13). Kartilya ng Katipunan. Retrieved from Wikipedia website: https://tl.wikipedia.org/wiki/Kartilya_ng_Katipunan
- File:Kartilya ng Katipunan.jpg - Wikipedia. (n.d.). Retrieved March 29, 2024, from commons.wikimedia.org website: https://en.m.wikipedia.org/wiki/File:Kartilya_ng_Katipunan.jpg
- Filipino are HOSPITABLE | Filipino art, Philippine art, Philippines culture. (n.d.). Retrieved March 30, 2024, from Pinterest website: https://www.pinterest.ph/pin/689965605429488352/
- Filipino Values Month 2021: Palabra de Honor | DBP celebrates Filipino Values Month this November as per Proclamation No. 479, s. 1994. In line with the celebration, we're highlighting Filipino values… | By Development Bank of the PhilippinesFacebook. (n.d.). Retrieved March 30, 2024, from www.facebook.com website: https://www.facebook.com/watch/?v=319327079681765
- Ilumin, C. (2016, October 7). Kulturang Pinoy atbp. Retrieved from arts-culture website: https://smartboxph.wixsite.com/arts-culture/kulturang-pinoy
- Introducing Tableau Activities to Your Classroom | Teaching drama, Drama activities, Drama for kids. (n.d.). Retrieved March 30, 2024, from Pinterest website: https://www.pinterest.ph/pin/385409680590952996/
- Kartilya ng Katipunan. (2020, January 19). Retrieved from Wikipedia website: https://en.wikipedia.org/wiki/Kartilya_ng_Katipunan
- Komisyon sa Wikang Filipino. (n.d.). Diksiyonaryo. Retrieved March 9, 2024, from diksiyonaryo.ph website: https://diksiyonaryo.ph/list
- Love Your "Family" | Family cartoon, Love and logic, Family clipart. (n.d.). Retrieved March 30, 2024, from Pinterest website: https://www.pinterest.ph/pin/528047125038532422/
- Nemenzo, G. (2017, January 4). The Joy of Delicadeza. Retrieved March 30, 2024, from Positively Filipino | Online Magazine for Filipinos in the Diaspora website: https://www.positivelyfilipino.com/gemma/the-joy-of-delicadeza

- Ognimdo2002. (2020, November 30). Andres Bonifacio by Ognimdo2002 on DeviantArt. Retrieved March 9, 2024, from www.deviantart.com website: https://www.deviantart.com/ognimdo2002/art/Andres-Bonifacio-862692985
- Web Graphic Organizer With Lines. (n.d.). Retrieved March 9, 2024, from TPT website: https://www.teacherspayteachers.com/Product/Web-Graphic-Organizer-With-Lines-8532505


<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>Unang Araw<br>1. HIMIG PINOY<br>Pakikinig sa awit na “Pag-ibig sa Tinubuang Lupa,” ni Andres Bonifacio, musika ni Salvador Jorque at inawit ni Inang Laya, mula sa Youtube video ng Canciones de Filipinas.<br><br>2. TALA-SALITA<br>Habang nakikinig sa awit, magtala ng mga salita na maiuugnay sa pagmamahal sa bayan batay sa pormat sa ibaba. Maaaring magtala ng mga salita na nasa awit o personal na salita na naaalala ng mag-aaral ukol sa nakaraang paksa sa ikalawang linggo.<br><br>Halimbawa:<br>5 salita Ipagmalaki Mo, Sa Buong Mundo<br>4 na salita Mga Bayani'y Tularan Mo<br>3 salita Pilipinas, Mahal Ko<br>2 salita Maging Aktibo<br>1 salita Magpaka-Pilipino</td><td>Kinuha ang bidyo sa https://www.youtube.com/watch?v=HT13i_QND1M</td></tr>
<tr><td>B. Paglalahad ng Layunin</td><td>1. Panghikayat na Gawain<br><br>KATIPUNER-WHO?<br><br>Alam Mo Ba?<br>“Ang Katipunan o kilala rin bilang "Kataastaasan,Kagalang-galang Katipunan ng mga Anak ng Bayan" (KKK) ay kilusang mapanghimagsik na itinatag ni Andres</td><td>Ipabasa sa mga mag-aaral ang Alam Mo Ba? Ito ay maikling impormasyon kaugnay ng Katipunan na magtatawid sa panimulang impormasyon ng Kartilya ng Katipunan.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Bonifacio noong ika-7 ng Hulyo 1892 laban sa pananakop ng Espanya. Ang mga kasapi nito ay tinatawag na katipunero.”<br>Kaugnay ng Katipunan, gamit ang mga meta card na ipamimigay ng guro, pasulatin ang mga mag-aaral ng mga katangiang dapat taglayin ng isang Katipunero. Idikit ito sa palibot ng larawan ng isang katipunero.<br><br>**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Ipabasa ang Alam Mo Ba? sa mga mag-aaral. Mula sa binasang talata, tukuyin ng mag-aaral sa talata kung *ano ang layunin kung bakit naisulat ni Emilio Jacinto ang Kartilya ng Katipunan.*<br><br>**Alam Mo Ba?**<br>“Ang Kartilya ng Katipunan ay ang nagsilbing gabay ng mga bagong kaanib sa KKK na naglalahad ng mga tuntunin at prinsipyong kinasasaligan at pinaniniwalaan ng samahan. Ang unang edisyon nito ay may pamagat na Katungkulang Gagawin ng mga Z.Li.B, (na nangangahulugang Anak ng Bayan). Sa kapahintulutan ni Andres Bonifacio ay ginamit ng katipunan ang kartilyang naisulat ni Emilio Jacinto. Sa kasalukuyan, bilang pag-alaala at pagpapahalaga sa akda, mababasa ito sa bantayog ni Bonifacio at ng Rebolusyon ng Katipunan sa Lungsod ng Maynila.” | Halimbawang sagot para sa Katipuner-Who ay,<br>*matapang*<br>*malakas*<br>*maliksi*<br>*makabayan*<br><br>*Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin.*<br><br>*Maaari din naman na humigit sa isang salita ang sagot ng mga mag-aaral.<br><br>Tandaan: Itabi ang mga sagot ng mag-aaral sa bahaging ito sapagkat gagamitin sa ikaapat na araw.<br><br>Narito ang link ng larawan ng monumento ni Bonifacio at ng Rebolusyon ng Katipunan sa Maynila kung saan nakatitik ang Kartilya ng Katipunan.<br><br>https://en.m.wikipedia.org/wiki/File:Kartilya_ng_Katipunan.jpg |



Rikunagi333. (2022). Bonifacio and the Katipunan Revolution Monument (sculpture commemorating Andres Bonifacio). Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Kartilya_ng_Katipunan.jpg.

Sagot: Ang Kartilya ay nagsilbing gabay ng mga bagong kaanib sa KKK na naglalahad ng mga tuntunin at prinsipyong kinasasaligan at pinaniniwalaan ng samahan.

Para sa ikatlong linggo, ang tuon ng aralin ay tungkol sa halimbawa ng akda sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan.

**GABAY-TANONG:**

**Ano ang mahahalagang detalyeng nakapaloob sa akdang Kartilya ng Katipunan?**

**Ano ang kahalagahan ng Kartilya ng Katipunan sa mga katipunero noon at kabuluhan nito sa kasalukuyang panahon?**

**3. TALAS-KAHULUGAN**

Piliin sa grupo ng mga salita ang salitang naiiba o hindi kasingkahulugan.

1. kartilya, panuntunan, tuntunin, palatandaan
2. dangal, puri, daing, dignidad
3. patnugot, editor, gabay, lingkod
4. pitagan, pantay, paggalang, pagkilala
5. pag-iwi, pag-aalaga, pag-aaruga, pagtalusira

Sagot sa Talas-Kahulugan:
1. palatandaan
2. daing
3. lingkod
4. pantay
5. pagtalusira

| | | |
|---|---|---|
| | | Maaaring dagdagan ang bilang ng pasasagutan o imodipika ang gawain. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawa-Ikatlong Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Mga Elemento ng Sanaysay, Pagsusuri, at Pag-uugnay Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Maunawang Pagbasa:** Ipabasa ang teksto sa mga mag-aaral.<br><br>**Kartilya ng Katipunan**<br>*ni: Emilio Jacinto*<br><br>**Panimula ng Unang Edisyon ng Kartilya**<br>Sa may nasang makisanib sa Katipunang ito<br>Sa pagkakailangan, na ang lahat na nagiibig pumasok sa katipunang ito, ay magkaroon ng lubos na pananalig at kaisipan sa mga layong tinutungo at mga kaaralang pinaiiral, minarapat na ipakilala sa kanila ang mga bagay na ito, at ng bukas makalawa'y huag silang magsisi at tuparing maluwag sa kalooban ang kanilang mga tungkulin.<br><br>Ang kabagayang pinag-uusig ng Katipunang ito ay lubos na dakila at mahalaga; papag-isahin ang loob at kaisipan ng lahat ng tagalog (*) sa pamamagitan ng isang mahigpit na panunumpa, upang sa pagkakaisang ito'y magkalakas na iwasan ang masinsing tabing na nakabubulag sa kaisipan at matuklasan ang tunay na landas ng Katuwiran at Kalinawagan.<br><br>(*) Sa salitang tagalog katutura'y ang lahat nang tumubo sa Sangkapuluang ito; sa makatuid, bisaya man, iloko man, kapangpangan man, atbp., ay tagalog din.<br><br>**Mga Turo ng Katipunan**<br>1. "Ang buhay na hindi ginugugol sa isang malaki at banal na kadahilanan ay kahoy na walang lilim, kundi (man) damong makamandag."<br>2. "Ang gawang magaling na nagbubuhat sa paghahambog o pagpipita sa sarili (paghahangad na makasarili), at hindi talagang nasang gumawa ng kagalingan, ay di kabaitan." | Para sa mga gawain sa paglinang at pagpapalalim, ang guro na ang maghati-hati sa kung ilang araw ito maisasagawa ng kanilang klase.<br><br>Narito ang ilang mga link na maaaring mabasa kaugnay ng mahahalagang impormasyon tungkol sa kartilya ng katipunan.<br><br>https://philippineculturaleducation.com.ph/kartilya-ng-katipunan/<br><br>https://www.academia.edu/16540250/Emilio_Jacinto_Mga_Aral_ng_Katipunan_sa_Kartilya<br><br>Maaaring magsaliksik din ng iba pang babasahin kaugnay ng Kartilya ng Katipunan/ Turo o Aral ng Katipunan |

3. "Ang tunay na kabanalan ay ang pagkakawang-gawa, ang pag-ibig sa kapwa at ang isukat ang bawat kilos, gawa't pangungusap sa talagang katuwiran."
4. "Maitim man o maputi ang kulay ng balat, lahat ng tao'y magkakapantay; mangyayaring ang isa'y hihigitan sa dunong, sa yaman, sa ganda; ngunit di mahihigitan sa pagkatao."
5. "Ang may mataas na kalooban, inuuna ang (dangal o) puri kaysa pagpipita sa sarili; ang may hamak na kalooban, inuuna ang pagpipita sa sarili sa puri."
6. "Sa taong may hiya, salita'y panunumpa."
7. "Huwag mong sayangin ang panahon; ang yamang nawala'y mangyayaring magbalik; ngunit panahong nagdaan na'y di na muli pang magdadaan."
8. "Ipagtanggol mo ang inaapi; kabakahin (labanan) ang umaapi."
9. "Ang taong matalino'y ang may pag-iingat sa bawat sasabihin; matutong ipaglihim ang dapat ipaglihim."
10. "Sa daang matinik ng buhay, lalaki ang siyang patnugot ng asawa at mga anak; kung ang umaakay ay tungo sa sama, ang pagtutunguhan ng inaakay ay kasamaan din."
11. "Ang babae ay huwag mong tingnang isang bagay na libangan lamang, kundi isang katuwang at karamay (ng lalaki) sa mga kahirapan nitong buhay; gamitin mo nang buong pagpipitagan ang kanyang (pisikal na) kahinaan, at alalahanin ang inang pinagbuhatan at nag-iwi sa iyong kasanggulan."
12. "Ang di mo ibig gawin (ng iba) sa asawa mo, anak at kapatid, ay huwag mong gagawin sa asawa, anak at kapatid ng iba."
13. "Ang kamahalan ng tao'y wala sa pagkahari, wala sa tangos ng ilong at puti ng mukha, wala sa pagkaparing kahalili ng Diyos, wala sa mataas na kalagayan sa balat ng lupa: wagas at tunay na mahal na tao, kahit laking-gubat at walang nababatid kundi ang sariling wika, yaong may magandang asal, may isang pangungusap, may dangal at puri, yaong di nagpapaapi't di nakikiapi; yaong marunong magdamdam at marunong lumingap sa bayang tinubuan."
14. "Paglaganap ng mga aral na ito, at maningning na sisikat ang araw ng mahal na kalayaan dito sa kaaba-abang Sangkapuluan at sabugan ng matamis niyang liwanag ang nangagkaisang magkakalahi't magkakapatid, ng ligayang walang katapusan, ang mga ginugol na buhay, pagod, at mga tiniis na kahirapa'y labis nang matutumbasan."

**HATI-HATING SURI (Pangkatang Gawain)**

Pabilangin ang mga mag-aaral mula 1-14 upang mahati ang klase sa 14 na grupo. Ipabasa ang Kartilya ng Katipunan at magtakda ng isang "Turo" sa bawat pangkat

Suriin ng bawat pangkat ang bilang ng "Turo" na itinakda sa kanila sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong sa talahanayan.

Humanda para sa pag-uulat ng bawat pangkat.

*Halimbawang mga Sagot:*

| **TURO BLG. 1**<br>"Ang buhay na hindi ginugugol sa isang malaki at banal na kadahilanan ay kahoy na walang lilim, kundi (man) damong makamandag." | |
|---|---|
| **TANONG** | **SAGOT** |
| 1. Anong paksa ang tinatalakay sa turong ito? | ***Ang paksa ay*** *tungkol sa kahalagahan ng buhay na may mabuti/ dakilang layunin* |
| 2. Anong kabutihan ang matututuhan? | ***Ang matututuhan ay*** *pagpapahalaga sa buhay.* |
| 3. Anong damdamin ang inyong naramdaman kaugnay ng turong ito? | ***Ang naramdaman namin sa turong ito ay*** *masaya sapagkat marami kaming natutuhan na magagamit sa aming buhay* |
| 4. Anong paraan ng pagpapahayag ang ginamit ng manunulat sa turong ito? | ***Ang manunulat ay gumamit ng*** *simbolo ng kahoy na walang lilim at damong makamandag.* |
| 5. Ano ang kaisipan ng turong ito? | ***Ang kaisipan ng turong ito ay***<br>*Ang buhay na hindi inilaan sa dakilang layunin ay walang halaga.* |

**Rubrik sa Pagmamarka**
5- Napakahusay
4- Mahusay

Para sa HAHI-HATING SURI, maaaring gawing gabay bilang pagsisimula ng sagot ng mga mag-aaral ang mga nakasulat nang madiin sa talahanayang may halimbawang sagot.

Maaari ding apat na pangkat lamang at italaga ang mga saknong sa bawat pangkat

3- Katamtamang Husay
2- Di-Gaanong Mahusay
1- Nangangailangan ng Pagpapahusay

| Pamantayan | Iskor |
|---|---|
| 1. Nasagot ba nang wasto ng mga tanong sa pagsusuri? | |
| 2. Malinaw bang naipaliwanag ang pasalitang pag-uulat? | |
| 3. Nakibahagi ba ang lahat sa pagsasagawa sa iniatang na gawain? | |
| **Kabuoan (15 puntos)** | |

**Pinatnubayang Pagsasanay**
**IKONEK MO!** (Kalagayan ng Panitikan sa Panahong Propaganda at Himagsikan)

**Gawain 1**- **IKONEK ang A sa B**. Pagtapat-tapatin ang kolum A sa B upang mabuo ang isang maayos na diwa ng pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

| A | B |
|---|---|
| ___1. Layunin ng panitikan sa panahon ng Himagsikan na | A. paniniwala sa relihiyon at mga namumuno dito, maging ang mga baluktot na pag-uugali ng ating mga kababayan. |
| ___2. Ang mga manunulat at akdang naisulat sa panahong ito ay nagpapakilala sa madla na | B. gisingin at mamulat ang mga Pilipino sa pang-aabuso ng mga Kastila, maging ang kamangmangan ng bayan at kahirapan na hayag na nakikita sa iba't ibang lugar sa panahong iyon. |
| ___3. Ipinapakita rin ng mga akda ang mga maling | C. ng isang tunay na mapagmalasakit na Pilipinong makabayan na may mataas na pagpapahalaga sa sarili, pamilya, sa kanyang kapwa, sa kabutihan at karangalan. |
| ____4. Nais ng mga manunulat na ihasik ang damdamin | D. mapang-abuso ang mga dayuhang sumakop sa Pilipinas nang daang-daang taon sa ating bansa at nanguna sa |

IKONEK MO! Panitikan sa Panahong Propaganda - Panahon ng Himagsikan


Sagot sa Gawain 1
IKONEK ang A sa B.
1. B
2. D
3. A
4. C

pagmamalabis at kawalan ng pagkakapantay-pantay

**Gawain 2 – IKONEK SA TURO!**

Pumili ng isang kalagayan ng Panitikan sa Panahon Propaganda at Himagsikan. Magsulat ng mga pahayag mula sa Kartilya ng Katipunan na maiuugnay dito. Ipaliwanag ng mag-aaral ang sagot.

*Halimbawang Sagot:*




**Gawain 3 – IKONEK SA KULTURA**

Pumili ang mga mag-aaral ng mga kaisipan mula sa sanaysay na maiuugnay sa ipinakikitang larawan ng Kulturang Pilipino sa ibaba. Ipaliwanag ng mag-aaral ang kanilang sagot.

| ***Maghanap ng larawan ng panghaharana.*** | ***Maghanap ng larawan ng pagmamano.*** | ***Maghanap ng larawan ng paggamit ng "po" at "opo".*** |
|---|---|---|
| **Panghaharana** | **Pagmamano** | **Paggamit ng Po at Opo** |
| Kaisipan: | Kaisipan: | Kaisipan: |

Mula sa sagot sa Gawain 1, IKONEK ang A sa B, ibabatay ng mga mag-aaral ang kalagayan ng panitikan sa Panahong Propaganda at Himagsikan sa Gawain 2 – IKONEK SA TURO!

*Iugnay na rin ng guro sa bahaging ito ang layon ng manunulat sa pagsulat ng Kartilya.

Panisinin na ang mga nasa IKONEK ang A sa B ay nagpapakita rin ng ideyang nais iparating ni Jacinto sa mga babasa ng kanyang sinulat.

*Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin.*

| | | |
|---|---|---|
| *Halimbawang Sagot – "ang babae ay pinapahalagahan sa pamamagitan ng paghaharana o panliligaw…*<br><br>*Ipaliwanag ang kaugnayan nito sa Turo 11.* | | |
| ***Maghanap ng larawan ng bayanihan.*** | ***Maghanap ng larawan ng pagsasama ng isang pamilya.*** | ***Maghanap ng larawan ng pakikisama.*** |
| **Pagbabayanihan** | **Pagkakabuklod-buklod ng Pamilya** | **Pakikisama** |
| Kaisipan: | Kaisipan: | Kaisipan: |

| | | |
|---|---|---|
| ***Maghanap ng larawan ng konseptong "may isang salita".***<br><br>*Iminumungkahing salita sa paghahanap: May isang salita, palabra de honor.* | ***Maghanap ng larawan ng pagkilos nang tama at nasa lugar.***<br><br>*Iminumungkahing salita sa paghahanap: Pagkilos nang tama at nasa lugar, delikadeza.* | ***Maghanap ng larawan ng pagiging relihiyoso.*** |
| **May Isang Salita** | **Pagkilos nang Tama at nasa Lugar (Delikadeza)** | **Relihiyoso** |
| Kaisipan: | Kaisipan: | Kaisipan: |

**Ikaapat na Araw**

**Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain 1 – Balik-Tanaw**
Balikan ang gawaing Katipuner-Who?
Matapos matalakay ang Kartilya ng Katipunan, ano-ano na ngayon ang mga katangiang dapat taglayin ng isang katipunero.

Maaaring sagutan ang talahanayan na ito:

| Katangiang Ibinigay Bago Mabasa ang Teksto | Katangiang Ibinigay Pagkatapos Mabasa ang Teksto |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

Sagutin:
1. Ano ang masasabi mo kaugnay ng mga isinulat na katangian sa talahanayan? Ito rin ba ang mga katangiang dapat taglayin ng isang Pilipino sa kasalukuyan? Ipaliwanag.
Ano ang kahalagahan ng kartilya ng katipunan sa mga kasapi ng katipunan? Ano ang kabuluhan nito sa kasalukuyan?

**Gawain 2 - SHARE KO LANG!** (Pangkatang Gawain)
Magbahaginan ang mga miyembro ng pangkat ng patungkol sa sagot nila sa tanong:

*Tanong 1:* Kaugnay ng mga natutuhan sa Kartilya ng Katipunan, sa papaanong paraan makakamit ang pagkakapantay-pantay, kapayapaan, at kawalan ng katarungan?

Kumpletuhin ng mag-aaral na magbabahagi ang mga pangungusap sa ibaba:

***Ang mga munkahing paraan upang makamit ang*** *… (ipahayag ang sariling pananaw).*

*Tanong 2:* Magbahagi ng karanasan na maaaring nararanasan ng isang mag-aaral kaugnay ng kawalan ng pagkakapantay-pantay, kapayapaan at katarungan.

Maaaring sariling karanasan ng mag-aaral ang ibahagi kung okey lang sa kanya na sabihin ito sa klase subalit para mapangalagaan din ang pagiging pribado ng ilang maseselang impormasyon o maaaring pag-aalinlangan na sabihin o mahusgahan ang mag-aaral sa kanyang ibabahagi ay maaaring ang pahayag na gagamitin ay ang nakalahad sa gawain na *ang karanasan na maaaring nararanasan ng isang mag-aaral kaugnay ng kawalan ng pagkakapantay-pantay, kapayapaan at katarungan ay*

Ang *Human Tableau* ay pagpapakita ng larawan o eksena ng pangyayari sa pamamagitan ng naka-*freeze*

***Ang karanasan na maaaring nararanasan ng isang mag-aaral kaugnay ng kawalan ng pagkakapantay-pantay, kapayapaan at katarungan ay***

__________________________

**Gawain 3 – HUMAN TABLEAU** (Pangkatang Gawain) Mula sa mga ibinahagi ng mga magkakapangkat, pumili ng isang karanasan na ibabahagi sa klase sa pamamagitan ng pagtatanghal ng isang Human Tableau na nagpapakita ng kawalan ng pagkakapantay-pantay, kapayapaan at katarungan sa lipunan.

Ipaliwanag din ng tagapag-ulat ang sagot ng pangkat sa Tanong 1 sa Share Ko Lang!

***Maghanap ng larawan ng Human Tableau.***

**Rubrik sa Pagmamarka**

5- Napakahusay
4- Mahusay
3- Katamtamang Husay
2- Di-Gaanong Mahusay
1- Nangangailangan ng Pagpapahusay

| Pamantayan | Iskor |
|---|---|
| 1. Malinaw ba ang imahe ng sitwasyong nais ipakita ng pangkat sa tableau? | |
| 2. Makabuluhan bang naipaliwanag ang sagot sa tanong? | |
| 3. Nakibahagi ba ang lahat sa pagsasagawa sa iniatang na gawain nang may disiplina, kaayusan at pagkakaisa? | |
| **Kabuoan (15 puntos)** | |

na pose ng mga mag-aaral. Bibilang ang guro ng *countdown* 10-1, saka sasabihin ang *"freeze."* Pagmasdan ang tableau, saka ipaliwanag ng tagapagsalita ang sagot sa tanong. Pagkatapos saka sasabihin ng guro ang *"unfreeze."*

*Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin.*

<table>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>
Pabaong Pagkatuto<br><br>
KARTILYA NG NATUTUHAN<br>
Ipabasa ito: “Sa salitang tagalog katutura’y ang lahat nang tumubo sa Sangkapuluang ito; sa makatuid, bisaya man, iloko man, kapangpangan man, atbp., ay tagalog din.”<br><br>
Mula sa pahayag mula sa Kartilya ng Katipunan, anong pangunahing ideya ang ipinauunawa nito sa atin?<br><br>
Kumpletuhin ang salita sa ibaba. Ipaliwanag ang sagot.<br><br>
P __ G __ A __ __ P __ N __ A __ - P __ __ T __ Y<br><br>
Magbigay ng iba pang mga salitang natutuhan mula sa araling ito. Ipaliwanag din ang sagot.<br><br>
Pagninilay sa Pagkatuto<br><br>
Personal na Pagtataya sa Klase<br>
Bilang pagninilay sa klase sa Filipino, lagyan ng tsek ang talahanayan ng pagtataya sa kanilang naging pag-aaral sa loob ng silid-aralan.<br><br>
<table>
<tr><th>Tanong</th><th>Minsan</th><th>Madalas</th><th>Palagi</th></tr>
<tr><td>1. Nakiisa ba ako sa mga gawain sa loob ng klase lalo na sa mga pangkatang gawain?</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. Napanatili ko ba ang mapayapang pakikitungo sa aking mga kapangkat?</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. Nakinig at inunawa ko ang mga pag-uulat ng ibang pangkat?</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>4.Naipahayag ko ba ang aking mga ideya, opinyon, damdamin at saloobin kaugnay ng mga gawain sa klase?</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>5. Sinunod ko ba ang aking guro at ang mga panutong ibinigay niya sa klase?</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>
Tumawag lamang ng ilang mag-aaral upang magbahagi ng sagot. Isulat na lamang ng mga mag-aaral sa kuwaderno ang sagot ng iba pang hindi matatawag.<br><br>
Sagot: PAGKAKAPANTAY-PANTAY<br><br>
Para sa Personal na Pagtataya, maaring tumawag ng mga mag-aaral na gustong magbahagi ng kanilang sagot.
</td>
</tr>
</table>

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA SA GURO |
| --- | --- |

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit –** Tukuyin ang sagot sa tanong.<br><br>1. Alin sa mga sumusunod ang nagpapaliwanag sa nilalaman ng Kartilya ng Katipunan?<br>A. Mababasa sa kartilya ang mga panuntunan o tuntunin na kailangang makita sa isang nagnanais na sumapi sa katipunan.<br>B. Inilalahad sa kartilya ang mga paraan na kailangang maisagawa ng isang sasapi upang magtagumpay sa laban.<br>C. Sinusubok ng kartilya ang kakayahan at tapang ng sinumang nagnanais na sumali sa katipunan.<br>D. Naglalaman ang kartilya ng talaan ng mga plano ng katipunan upang magwagi sa himagsikan.<br><br>2. Anong sitwasyon ang HINDI nagpapakita ng inaasahang katangian ng isang katipunero batay sa Kartilya ng Katipunan?<br>A. May pagpapahalaga sa oras at hindi nagsasayang ng panahon.<br>B. May isang salita sa pangakong bibitiwan sa kapwa.<br>C. Nagkakawanggawa at tumutulong sa kapwa niya Pilipino.<br>D. Nagsisikap upang matupad ang ambisyon at umangat sa buhay.<br><br>3. Turo 9 - "Ang taong matalino'y ang may pag-iingat sa bawat sasabihin; matutong ipaglihim ang dapat ipaglihim." Anong katangian ng isang katipunero ang inaasahan sa turong ito?<br>A. mahusay kumilos<br>B. mapagkakatiwalaang maglihim<br>C. masikap sa pagtuklas sa kaalaman<br>D. maayos makipag-usap sa anumang pagkakataon<br><br>4. Turo 10 - "Sa daang matinik ng buhay, lalaki ang siyang patnugot ng asawa at mga anak; kung ang umaakay ay tungo sa sama, ang pagtutunguhan ng inaakay ay kasamaan din." Anong layon ang ipinapakita nito?<br>A. Maging responsable ang puno ng isang pamilya.<br>B. Matapang na harapin ang mga pagsubok sa buhay.<br>C. Makinig ang mga anak sa kanilang mga magulang.<br>D. Mapapahamak ang pamilyang hindi nagkakasundo.<br><br>5. Alin sa mga sumusunod ang HINDI nagpapakita ng layunin ng panitikan sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan? | Sagot sa Pagsusulit<br>1. A<br>2. D<br>3. B<br>4. A<br>5. C |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">A. Imulat ang mga Pilipino sa pang-aabuso ng mga dayuhan maging sa kalagayan ng bayang mangmang at lugmok sa kahirapan.<br>B. Ipakita ang hindi wastong paniniwala sa relihiyon at pagmamalabis ng mga taong-simbahan.<br>C. Ipalaganap ang pananampalataya sa buong kapuluan lalo na sa mga lugar na di nararating ng kabihasnan.<br>D. Maitanim ang damdaming makabayan sa mga Pilipinong nakakalimot na magpahalaga sa kanilang lahi.</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u></td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |



| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Leo A. Tolentino*** | ***Sinuri ni: Evelyn M. Varron*** |
| ***Institusyon: Vicente P. Trinidad National High School*** | ***Institusyon: Philippine Normal University - Manila*** |